

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE  
NEWS AND INFORMATION BUREAU

**CABINET REPORT SA TELERADYO – COVID-19 SPECIAL  
HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR  
WITH  
DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT SECRETARY  
ROLANDO BAUTISTA  
AND ATTORNEY YVES GONZALEZ, GOVERNMENT AFFAIRS AND PUBLIC  
POLICY HEAD, GOOGLE PHILIPPINES;  
VIBER SINGAPORE SENIOR BUSINESS DEVELOPMENT MANAGER ANUBHAV  
NAYYAK;  
AND VIBER PHILIPPINES BUSINESS DEVELOPMENT MANAGER VERONICA  
FELEO**

**APRIL 10, 2020**

**SEC. ANDANAR:** Maraming mga Pilipino ang sumasandal sa tulong ng pamahalaan dahil sa umiiral na enhanced community quarantine sa Luzon para masugpo ang COVID-19. Naatasan ang Department of Social Welfare and Development na masiguro ang pagbibigay ng ayuda lalo na sa mga mahihirap nating kababayan. Dahil dito, agad na in-activate ng ahensiya ang kanilang 1.3 billion quick response fund at nakipag-ugnayan sa local government units para mabilis na maipamahagi ang relief goods sa target beneficiaries at affected communities.

Siniguro rin ng ahensiya ang patuloy na pagpapatupad ng mga programa at serbisyo gaya ng cash grants sa 4Ps beneficiaries, medical at burial assistance, social pension para sa indigent senior citizens. Mayroon ding financial assistance sa mga biktima ng sunog at pag-alalay sa distressed Overseas Filipino Workers o OFW.

Sa pagsasabatas naman ng Republic Act 11469 o Bayanihan to Heal as One Act, nagkaroon ng kapangyarihan si Pangulong Duterte na ma-realign ang 2020 Budget at makapaglaan ng 200 billion pesos sa 18 million families na lubos na naapektuhan dahil sa COVID-19 pandemic. Agad na binuo ang Social Amelioration Program o SAP para matukoy ang lubos na nangangailangan ng tulong mula sa gobyerno partikular na ang low income families, informal workers at vulnerable sector.

April 3, 2020 nagsimula nang makatanggap ng ayuda ang ilang lugar sa National Capital Region kasama ang Regions I, II, III, IV-A, Cordillera at BARMM, habang nakatanggap naman ang Regions IV-B, V, VI, VII at IX. Nang sumunod na araw, April 5, 2020, ibinaba ang tulong sa Regions XIII, X, XI, XII at CARAGA na naapektuhan din ng krisis. Nakakuha ang 3.6 million 4Ps beneficiaries na may cash card ng kanilang emergency subsidy na may total budget allocation na 16.3 billion pesos.

At para mas mahimay pa ang tulong na iniaabot ng ating pamahalaan sa ating mga kababayan, makakausap po natin via Skype ang dating Commanding General ng Philippine Army at namuno

sa Joint Task Force Marawi, si Secretary Rolando Bautista. Sec. Rolly, magandang gabi po sa inyo.

**SEC. BAUTISTA:** Magandang gabi sa'yo Sec. Martin at sa iyong mga tagapakinig.

**SEC. ANDANAR:** Ano o magkano ang matatanggap na ayuda—siguro maganda na linawin natin ang iba't ibang programa ng gobyerno. Halimbawa iyong quick response fund, para kanino ito?

**SEC. BAUTISTA:** Sec. Martin ang quick response fund ay appropriated fund na ginagamit tuwing oras ng kalamidad para sa pagbibigay ng tulong at sa relief, rehabilitation, reconstruction at iba pang serbisyo para matulungan ang mga apektadong pamilya at komunidad. Ang humigit sa isang bilyong piso, ang QRF ng DSWD ay ginagamit ito para sa family food packs at non-food items na ipinamamahagi ng departamento bilang augmentation support sa local government units nang sa gayon ay matugunan nila ang pangangailangan sa pagkain ng kanilang mga constituents sa gitna ng umiiral na community quarantine.

As of April 6, nakapagbigay na ang DSWD nang humigit 450,000 bilang ng mga food packs sa mga LGU sa iba't ibang bahagi ng bansa. So hindi pa kami nakapag-update nitong April 9 kaya madadagdagan itong bilang ng 450,000 na ipinamahagi natin sa mga LGU.

**SEC. ANDANAR:** Ito namang Social Amelioration Program, para kanino ho ba ito Sec. Rolly?

**SEC. BAUTISTA:** Sec. Martin, ang Social Amelioration Program ng gobyerno ay ang mga programa na naglalayong mapagaan ang epekto sa lipunan at kabuhayan nang umiiral na enhanced community quarantine bunsod ng COVID-19 health crisis. Ang Social Amelioration Program ay pinatutupad ng iba't ibang ahensiya ng gobyerno. Layunin nito na magbigay ng emergency cash subsidy na nagkakahalaga ng P5,000 to P8,000 para sa 18 million low income families ay ibinibigay ng DSWD sa ilalim ng Assistance to Individuals in Crisis Situation Program 'no.

At depende ito sa minimum wage rate ng isang rehiyon. Ibig sabihin nito, iba't iba ang amount na ibibigay natin sa bawat region. Pero as a general rule, nagkakahalaga ng P5,000 to P8,000 ang matatanggap ng isang pamilya as part of the Social Amelioration Program.

**SEC. ANDANAR:** Mayroon tayong Quick Response Fund, mayroon tayong Social Amelioration Program at mayroon pa tayong 4Ps. Ito para maliwanagan din ang ating mga kababayan, ulitin po natin, ano po itong 4Ps?

**SEC. BAUTISTA:** Ang 4Ps po ay program ng pambansang pamahalaan na namumuhunan sa edukasyon at kalusugan ng mahihirap na Pilipino. Nilalayon nitong mapabuti ang kalagayan ng mga mahihirap sa pamamagitan ng pagtitiyak na nababantayan ang pangkalusugang pangangailangan ng sambayanan, nakakapasok ang mga bata sa paaralan at dumadalo sa buwanang Family Development Session ang magulang o guardian.

Sa kasalukuyan, ang 4Ps ay mayroong mahigit 4.2 milyong benepisyaryo. Ang mga 4Ps beneficiaries ay kasama na mabibigyan ng emergency cash subsidy sa ilalim ng Social Amelioration Program. Makakatanggap sila ng emergency subsidy na nagkakahalaga ng P3,650 to P6,650. Ito ay karagdagang halaga sa tinatanggap na buwanang cash grant. Halimbawa para sa isang 4Ps household benepisyaryo sa National Capital Region na tumatanggap ng P1,350 kada buwan, magbibigay ang gobyerno ng karagdagang P6,650 para maabot ang maximum regional subsidy na P8,000.

**SEC. ANDANAR:** Mayroon pa po bang ibang [garbled] Sec. Rolly na dapat natin malaman, ng mga kababayan natin, dapat malaman nila apart doon sa quick response, sa social amelioration at sa 4Ps. Mayroon pa bang ibang programa?

**SEC. BAUTISTA:** Mayroon pa Sec. Martin ano. Sa kasalukuyan, nasa relief stage tayo, namamahagi ang DSWD ng emergency subsidy. So—kasi kung titingnan natin iyong Social Amelioration Program, mayroong relief stage saka recovery stage. So ‘pag dumating na tayo sa recovery stage, magbibigay rin ang DSWD ng tulong pangkabuhayan o livelihood assistance grants sa mga qualified sustainable livelihood program beneficiary families na may at least isang informal sector worker upang matulungan silang makaahon mula sa economic losses bunsod ng COVID-19 crisis.

**SEC. ANDANAR:** Pagdating po naman dito sa Social Amelioration Program, balikan po natin, ano po ang kuwalipikasyon nito?

**SEC. BAUTISTA:** Sec. Martin, ang mga target na benepisyaryo ng emergency cash subsidy sa ilalim ng Social Amelioration Program ay ang mga pamilyang kabilang sa mahihirap o informal na sektor na may at least isa na miyembro na kabilang sa vulnerable sector. Ito Sec. Martin, binanggit ko na ito sa mga previous guidelines, nakalista ito sa guidelines kung sinu-sino iyong mga target benepisyaryo natin.

**SEC. ANDANAR:** Okay. Papaano po kung nasa dalawang kategorya, nasa 4Ps din halimbawa, nasa vulnerable sector, PWD, single mother ang nag-a-apply at nasa isang bahay lang ho sila. Papaano po ito, Sec. Rolly?

**SEC. BAUTISTA:** Ang mga 4Ps beneficiaries ay kabilang sa 18 million low income families na mabibigyan ng sinasabi nating emergency cash subsidy. Daragdagan ang tinatanggap na grants at rice subsidy ng mga benepisyaryo kada buwan upang maabot ang tinatakdang subsidy amount based sa wage rate sa bawat rehiyon ano, iyong binanggit ko kanina. Iniiwasan ang duplikasyon ng serbisyo kaya masusi ang validation ng benepisyaryo.

May tanong siguro, paano kung nasa dalawang listahan o nakalista sa dalawang barangay. Ang sagot dito Sec. Martin, isang beses lamang tatanggap ng ayuda ang isang pamilya. Mayroon tayong Social Amelioration Card upang ma-monitor ang pagbibigay ng tulong sa kanila at isa pang mga kuwalipikadong benepisyaryo. Ang Social Amelioration Card ay isang form na naglalaman ng mga kinakailangang impormasyon ukol sa isang pamilya na nakatutulong sa pagtukoy ng mga nararapat na serbisyo para sa kanila.

Ang SAC o Social Amelioration Card ay magsisilbing record o Listahanan ng mga benepisyaryong natanggap ng isang pamilya. Sa pamamagitan nito, mamonitor ng pamahalaan at ang mga pamilya ang mga tulong na naiaabot sa kanila.

**SEC. ANDANAR:** So paano kung walang dokumentasyon, walang maipakita, walang verification, ano po ang mangyayari?

**SEC. BAUTISTA:** Sec. Martin, para sa mga dokumentasyon naman katulad ng homeless street families, ang barangay o ang City Municipal Social Welfare Development Office ang maaring magsertipika na sila ay kabilang sa homeless families or bulnerableng sektor. Gayun din, naniniwala tayo na kilala ng mga barangay ang kanilang mga nasasakupan kung kaya sila ang magpapatunay sa kanilang estado sa buhay. Ang perception kasi namin, na dahil ang mga taga-barangay ang araw-araw na nakakasalamuha ng kanilang mga nasasakupan kaya kakilala nila iyong mga profile noong mga nakatira doon sa kanilang barangay.

**SEC. ANDANAR:** Papaano po ito matatanggap ng tao? Halimbawa malayo po iyong lugar, wala pong ATM, ito ba'y—kailangan ba ng ATM card o ito ba'y puwede cash? Paano kung nawala iyong ATM o nakasangla? Ano po ang gagawin ng isang benepisyaryo, Sec. Rolly?

**SEC. BAUTISTA:** Okay. Sec. Martin ano, sagutin ko siguro pati iyong mga iba pang mga guidelines 'no. Iyon nga, matatanggap nila sa ATM card ba o cash. Ang kasagutan dito, ang emergency cash subsidy ay matatanggap in cash 'no, ayon na rin iyan sa batas. Para sa mga 4Ps beneficiaries na mayroong cash card, nai-release na sa kanilang cash cards ang ayuda. Wala tayong problema dito kasi alam naman natin na monthly nakakatanggap sila ng ayuda kung sila ay nasa list ng 4Ps beneficiaries. Bale ang DSWD ang mayroong credible na listahan nito.

Para sa mga walang cash card o hindi kabilang sa 4Ps, ang pera ay ipapamigay ng lokal na Social Welfare Development sa beneficiary—ulitin ko lang ano, lokal na Social Welfare Development Officers, it's either municipal o city Social Welfare Development Officers sa benepisyaryo kasama ang mga ibang miyembro ng DILG, AFP, PNP at DSWD Regional Field Offices.

Ang pagbibigay ng emergency subsidy ay maaring sa pamamagitan ng house-to-house o iba pang pamamaraan na tumatalima sa patakaran ng IATF. Ibig sabihin nito Sec. Martin ay binibigyan namin ng leeway o leverage ang LGU kung ano ang pamamaraan na gusto nitong gawin. Iyong palagi ini-emphasize sa IATF, dapat compliant sa social distancing at prohibition sa mass gathering.

Ulitin ko lang, ang distribution ng cash subsidy ay pangungunahan ng municipal or city Social Welfare Development Officers 'no at mahigpit itong binabantayan ng ahensiya kasama ang mga representatives ng DILG, AFP, PNP at miyembro ng Regional DSWD Field Offices.

**SEC. ANDANAR:** Paano kung walang formal or walang permanent address, nakikitira lang o nasa kalye nakatira? Ulitin po natin Sec. Rolly para mas malinaw ho.

**SEC. BAUTISTA:** Okay. Siguro bago ko sagutin iyan Sec. Martin ano, siguro i-anticipate natin iyong tanong na paano kung ang ATM card nakasangla.

**SEC. ANDANAR:** Iyan, tama.

**SEC. BAUTISTA:** Para sa mga beneficiaries na nawalan ng cash card, maaari silang mag-report sa kanilang city municipal link. Ito iyong city municipal link, ito iyong mga DSWD coming from the Regional Field Offices upang maiayos ang paghahatid ng tulong sa kanila.

Ngayon iyong tanong mo kanina, kung walang formal o permanent address, nakikitira o sa kalye nakatira. Kasama ang mga homeless street families sa mabibigyan ng ayuda sa ilalim ng social amelioration. Kailangan lang na sila ay magparehistro sa barangay para maisama sila sa list of beneficiaries at para mabigyan sila ng sinasabing Social Amelioration Card form at doon ay maiprayoridad sila ng barangay o ng LGU. Kasi Sec. Martin, ang basis kasi ng pagbibigay ng ayuda ay doon sa list na gagawin ng local government unit.

At nabanggit ko nga kanina na dahil sila ang nakakaalam ng profile ng mga kanilang sinasakupan ay madali nilang ma-identify kung sino iyong talagang isasama doon sa target list beneficiaries.

**SEC. ANDANAR:** Papaano naman Sec. Rolly kung malayo ang lokasyon ng mga tao? Halimbawa nasa isla, nasa kabundukan... ano po ang gagawin natin dito?

**SEC. BAUTISTA:** Ang inaasahan natin, maaring magkaroon nang kaunting pagkaantala sa pagbibigay ng tulong ng mga nasa malalayo at liblib na lugar. Siyempre 'no, binigay na natin ang responsibilidad sa LGU kung paano iyong scheme na gagamitin nila. 'Ayun nga, may mga problema tayo sa mga island city municipality, mga barangay doon 'no. Pero ang bottom line doon ay kung anuman ang diskarte ng LGU ay magko-coordinate siya sa DILG, AFP at PNP, DSWD representatives sa Field Office para maipahatid ang tulong sa mga lugar na nabanggit.

So ibig kong sabihin dito Martin, kunyari ano island municipality or island barangay, puwedeng makipag-coordinate sila sa AFP 'no para kung mayroon mang, sabihin nating water vessel o kaya mayroong boat ang AFP or even sa Philippine Coast Guard. Kaya kailangan talaga kapag panahon na para bigyan na ng ayuda iyong mga nasa malalayong lugar ay talagang kailangan pag-usapan 'to ng LGU, iyong team na sinabi ko lalo na ng AFP at PNP.

**SEC. ANDANAR:** At kailan 'to matatanggap?

**SEC. BAUTISTA:** Ang target natin ay maibigay ang emergency cash subsidy sa lahat ng mga kuwalipikadong benepisyaryo bago matapos ang Holy Week. Pero base doon sa mga feedback ng aking mga regional directors sa field offices, mayroon ding mga factors ano kung bakit nadi-delay iyong sinasabi nating implementation ng SAP kasi katulad ng binanggit ko kanina, ang LGU ang magdidikta kung ano ang mga uunahing mga barangay. Katulad nito, isa diyan is may mga munisipyo o city LGU na sinabi nila na tapusin muna ang Holy Week bago ipamahagi iyong ayuda 'no.

Mayroon namang mga ibang LGU na sasabihin nila huwag muna nating unahin iyong mga lugar na may problema tayo sa peace and order. Isang halimbawa dito, itong sa Pandi, Bulacan kasi mayroong concerns ang mga settlers doon lalo na iyong Kadamay kaya nagkakaroon ng delay

kasi kailangan i-coordinate mabuti ito sa pulis at AFP. at sa mga iba pang lugar na alam naman natin Martin, siyempre iyong mga IP area, mga indigenous people area, mahirap ding pasukin iyan kaya kailangan talaga iplano mabuti ng LGU pati ng AFP/PNP.

**SEC. ANDANAR:** Kanino puwedeng makipag-ugnayan para sa pagtanggap o sino ang magsasabi sa kanila na, “Nandiyan na po, nakahanda na ang ayuda at i-claim ninyo na lang.”

**SEC. BAUTISTA:** Sec. Martin, katuwang ng DSWD ang local government units at ang kanilang city municipal Social Welfare and Development sa pagpapatupad ng emergency cash subsidy. Ang LGUs ay inatasan mag-identify ng mga pamilya na mapapabilang sa programa kabilang na ang mga homeless street families sa kadahilananang sila, iyong binanggit ko kanina, ang nakakakilala sa kanilang mga constituent. Sila din ang maaaring mag-propose ‘no ng distribution point o istratehiya sa pagbibigay ng ayuda sa mga benepisyaryo.

Mahigpit na nakikipag-ugnayan ang DSWD sa mga LGUs at kanilang mga city municipal Social Welfare Development Officers upang masiguro na matanggap ng mga nararapat na pamilya ang ayuda mula sa Social Amelioration Program ng pamahalaan. Kaya sinabi nga natin, ang tempo ng pagbibigay ng schedule sa pagtanggap ng ayuda ay kukunin natin sa cue ‘no, sa signal ng mga LGU kasi kahit na gusto ng DSWD Regional Offices na mapadali iyong pag-distribute, pero sabihin nating mayroong ibang prayoridad o may mga plano ang LGU ay kailangan maki-coordinate kami at makibagay sa schedule ng LGU.

**SEC. ANDANAR:** At linawin natin Sec. Rolly na itong Social Amelioration Program na idadaan sa DSWD ay iba pa ito doon sa Social Amelioration Program ng DOLE. At linawin din natin, tulad noong sinabi ninyo noong isang gabi, kung 5 to 8 thousand pesos ang ibibigay, hindi puwedeng sumobra, hindi puwedeng kumuha ka sa DSWD, hindi ka puwedeng kumuha ka rin sa DOLE at ito’y magdodoble-doble. Tama po ba iyan, Sec. Rolly?

**SEC. BAUTISTA:** Tama ka doon Sec. Martin. Naaayon sa batas, binabanggit naman doon na talagang ang matatanggap ng isang pamilya ay 5 to 8 thousand pesos a month for two months provided that the subsidy shall be computed on the prevailing regional minimum wage ‘no. Kaya kapag ang isang pamilya ay nakatanggap na ng, sabihin natin, ng P5,000 sa DOLE sa NCR, ang gagawin na lang dito ng DSWD ay kung anuman iyong kakulangan para umabot siya sa P8,000 dito sa NCR ay magta-top up ng P3,000 ang DSWD para makumpleto iyong P8,000.

Ganoon din kung ang DA, ito mga scenarios lang ‘to. Kung ang DA nagbigay ng—ang DOLE nagbigay ng P5,000 tapos ang DA nagbigay ng P2,000 so ang top up na lang ng DSWD is P1,000. Kung ang P5,000 DOLE, DA is P3,000 eh nakumpleto na nila iyong P8,000 na maximum ay hindi na magta-top up ang DSWD. Kasi malinaw sa batas na dapat talagang walong libo lang ang matatanggap ng isang pamilya.

Iyong pagbibigay ng ayuda ni Secretary Galvez, actually ano, kasama iyon sa Social Amelioration Program ng DSWD. Eh since si Secretary Galvez ay part ng IATF, ay nandodoon siya kaya sumama na siya sa pamamahagi ng amount intended doon sa lugar sa Parañaque. Of course nakita naman natin iyong mga pulis doon, Bureau of Fire saka iyong mga members ng City Social Welfare and Development Office.

**SEC. ANDANAR:** Okay. That is very clear Secretary Bautista. So hindi puwedeng magdoble, kailangan ang total P8,000 and we are talking about 18 million families; para malinaw lang po, 18 million families. Ngayon po na extended ang ECQ sa Luzon, sapat pa ba ang pondo natin, Sec. Rolly?

**SEC. BAUTISTA:** Sec. Martin, ang pondo na inilaan para sa pagbibigay ng emergency cash subsidy ay good for two months ‘no. Alinsunod na rin ito sa Republic Act 11469 kung saan nakasaad na ang pamahalaan ay magbibigay ng, iyong binanggit ko kanina, 18 milyong mahihirap na pamilya sa loob ng dalawang buwan o sa Abril at Mayo. Kung sakaling ma-extend ang pagpapatupad ng enhanced community quarantine hanggang Mayo, mayroon pa ring matatanggap na ayuda ang ating mga kababayan.

**SEC. ANDANAR:** Mayroon po kayong huling mensahe Sec. Rolly bago po tayo magpaalam?

**SEC. BAUTISTA:** Sec. Martin, masasabi ko lang na iyong pagdi-distribute o pagtatalaga ng mga target beneficiary ay, sabi ko nga, hindi natin makukuha sa—mapeperpekto sa isang linggo o dalawang linggo. Kasi alam naman natin iyong crisis ngayon ay biglaan, so ang ginagawa ng DSWD kasama ang koordinasyon sa local government unit ay mapag-aralan ‘no at malaman kung ano ang magandang paraan para ma-address iyong mga shortcomings at gaps. Kaya in-advise-an ko sa lahat ng mga target beneficiaries na unawain itong mga nakaraang araw dahil wala naman pong may kagustuhan na magkaganoon ang pagbibigay ng ayuda.

At nais ko sanang i-encourage ang lahat na maging aktibo tayo sa pagbabantay, sa pagmonitor sa pagbibigay ng emergency cash subsidy dahil alam naman natin na ang pondong ito ay talagang inilaan para sa mga nararapat na benepisyaryo. Dapat lang iyong mga nagsasamantala, whether opisyaales iyan ng local government unit o mismong target beneficiary ay maiparating kaagad sa kinauukulan katulad sa amin sa DSWD, o kaya sa DILG. Nag-usap na po kami ni Secretary Año na kailangan malaman natin kaagad o kaya ‘pag mayroong mga ebidensiya na talagang iyong tao na iyon ay gumawa ng hindi nararapat, ang sabi ni Secretary Año, kung opisyaales iyan ng LGU ay immediately isu-suspend niya.

At align naman iyan at nakaakibat sa pronouncement ng ating Presidente na ang sinasabi niya na kailangan maipamigay kaagad ang emergency cash subsidy. Pero binigyan niya ng warning ang mga taong magsasamantala at talagang karampatang punishment o sanction ang ibibigay dito. Iyon lang ang aking mensahe, Sec. Martin.

**SEC. ANDANAR:** Muli, maraming salamat sa inyong panahon Secretary Rolando ‘Rolly’ Bautista. Mabuhay po kayo sir, thank you po.

**SEC. BAUTISTA:** Maraming salamat din Sec. Martin at ingat ka din sa mga lakad-lakad.

**SEC. ANDANAR:** Yes, sir. Tayo po ay nagpa-practice ng broadcast distancing din. Salamat po.

[COMMERCIAL BREAK]

**SEC. ANDANAR:** Pilipinas, para sa maraming Pilipino, WFH o work from home na ang pangkasalukuyang pamamaraan ng paghahanap-buhay. Dito nagiging sandigan ay ang teknolohiya at digital platforms na nakabase sa pagkakaroon ng internet connection.

Ang mga bisita po natin ay mga executives ng mga kilalang global tech companies na Google at Viber. Ang Google ay ang higitang kumpanyang nagsimula at patuloy na nangunguna bilang search engine. May tanong ka, ang malamang sagot ay sagot na ibibigay sa iyo ng Google. Sila din ang may-ari ng Gmail, Youtube, Chrome, Android at napakarami pang produkto na gamit natin araw-araw.

Ang gusto nating itanong sa kanila, base sa kanilang nakalap na data, ano ang trending sa mga Pinoy ngayon, ngayong panahon ng COVID at quarantine. Ano ang mga serbisyo ng kanilang mga kumpanya na maaring mapakinabangan ng mga Pinoy sa panahon ng COVID at quarantine. At bilang mga tech media at communications platforms, ano ang puwedeng gawin upang labanan ang pagkalat ng fake news na pumapangalawa na 'ata sa COVID sa pagiging salot sa lipunan at papaano natin lalabanan ito gamit ang kanilang teknolohiya.

Mula sa Google, kasama natin ang government affairs and public policy head ng Google Philippines, Atty. Yves Gonzalez. Attorney Yves, magandang gabi sa iyo.

**ATTY. GONZALEZ:** Magandang gabi, Sec.

**SEC. ANDANAR:** Iyong unang tanong natin: Base sa mga nakalap ninyong data, ano ang trending sa mga Pinoy ngayong panahon ng COVID quarantine.

**ATTY. GONZALEZ:** So, napansin po natin na talagang marami ang nagsi-search tungkol sa impormasyon tungkol sa COVID-19 kaya nga talagang tinutulungan po namin na mailabas po iyong mga useful and iyong mga reliable na impormasyon sa Google search, sa maps at saka po sa YouTube. So, talagang marami po ngayon ang nagsi-search at kailangan po nating maibigay sa kanila iyong impormasyon na hinahanap po talaga nila.

**SEC. ANDANAR:** Ano naman ang serbisyo ng Google na maaaring mapakinabangan ngayon ng mga Pinoy sa panahon ng Enhanced Community Quarantine?

**ATTY. GONZALEZ:** So, ngayon pong naka-Enhanced Community Quarantine tayong lahat, marami po kaming ginagawa para makatulong din sa pag-spread ng information. Kapag nag-search ka po ng COVID-19, lalabas na agad diyan ang website ng DOH at very prominent po iyon. And even during the times that website of DOH would have technical difficulties, mayroong naka-save na cached version para po ma-access pa rin nila iyong website ng DOH even during these technical challenges.

Sa YouTube, right now ang PCOO at saka ang Department of Health ay nagpapatakbo ng mga advertisings sa YouTube para sa mga public service advisories at excited nga kami dahil nagsimula na kaming mag-introduce ng mga YouTube creators sa Department of Health. Nag-volunteer ang mga You-Tube creators na tulungan ang Department of Health sa kanilang mga



public service advisories, sa mga information campaign, para mas marami ang makapanood noong mensahe ng Department of Health.

Doon naman sa Google maps. So, para sa mga frontliners natin na kinakailangan nilang makarating sa ospital or sa patutunguhan nila, puwede nilang magamit iyong Google maps para makita iyong mga free shuttles ng Department of Transportation. Sa ngayon ay mayroon pong nineteen na free shuttles ang Department of Transportation na makikita natin sa Google maps.

Doon naman sa mga nag-iisip na saan kaya ang pinakamalapit na COVID-19 testing site sa kanila, o iyong tinatawag ng Department of Health na reference laboratory, puwede nilang silipin sa Google maps. I-search lang nila ang COVID testing para makita nila kung ano iyong pinakamalapit na testing center na malapit sa kanila. Pero ipinapaalala lang natin na kailangan pa rin nilang tumawag sa COVID hotline at huwag basta-basta pumunta doon sa ospital upang hindi sila ma-inconvenience kung sakaling puno na iyong ospital.

Importante rin sa amin makatulong sa mga teachers at sa mga schools natin kaya together with our partner, QSR, we are training iyong mga teachers natin and iyong mga schools upang magamit iyong G Suite for education. Iyong G Suite for education ay isang magandang tool upang makapagtuloy pa rin iyong mga teachers sa kanilang curriculum kahit ngayong naka-quarantine tayo.

In addition to that, tinutulungan din namin sila na makapag-acquire ng .edu.ph na domain kasi right now, normally mga one hundred dollars iyon. Pero sa ngayon, gusto namin silang matulungan, so tinutulungan namin na maka-acquire sila ng .edu.ph domain. Para sa mga schools that are interested to learn more about this program, all they need to do would be to send an email to [education@qsr.com.ph](mailto:education@qsr.com.ph).

Doon naman din finally sa mga doktor. Ang mga doktor natin kailangan nating matulungan lalung-lalo na iyong mga gustong mag-e-consultations. So, we have started an initial one thousand free G Suites accounts for doctors para makatulong sa kanila sa pag-online consultation, sa pag-schedule ng appointments, pati na rin sa pag-share nila ng information sa isa't-isa. So, in the coming weeks we are hoping to add more pa diyan sa initial one thousand para matulungan natin iyong mga doktor na gustong mag-e-consultation.

**SEC. ANDANAR:** Ngayon, Atty. Yves, bilang tech media communications platform, ano ang puwedeng gawin ng Google para labanan itong disinformation, itong fake news na nagkalat, na halos pumapangalawa na sa COVID sa pagiging salot sa ating lipunan?

**ATTY. GONZALEZ:** Tama, Sec. So, kaya nga po ang Google ay tinatrabaho po talaga namin na mapa-surface natin iyong mga authoritative, iyong mga reliable and iyong mga useful na information. Alam namin na kadalasan unang-unang gagawin ng tao kapag may natanggap silang impormasyon ay igu-Google nila iyan, so importante sa amin na kapag Ginoogle nila iyong mga nababasa nila sa internet ngayon ay lumalabas iyong mga authoritative information. That's just one of the ways na puwede nating matulungan ang taong-bayan na ma-filter out kung ano iyong authoritative, iyong tama, iyong totoo doon sa mga fake news lamang.

And one of the things also that we're doing is to really highlight iyong mga links natin na puwede nilang puntahan. So, for example, sa search or sa YouTube, talagang kapag nanonood sila ng videos tungkol sa COVID-19, puwede nilang makita na agad iyong mga importanteng links na puwede nila maka—know more information.

**SEC. ANDANAR:** Ngayong nasa Enhanced Community Quarantine tayo at maraming lugar sa Pilipinas nasa community quarantine din, nasa Enhanced Community Quarantine kahit sa labas ng Luzon – ito ay sa Visayas at sa Mindanao. Mayroon ba kayong napansin na pagtaas ng paggamit ng Google, paggamit ng YouTube sa mga panahong nasa bahay ang mga kababayan natin?

**ATTY. GONZALEZ:** Yes, Sec. So, during naka-quarantine tayo lahat ngayon talagang dumadami iyong mga nag-o-online po sa ating mga kababayan – kaya nga isa sa in-announce po namin at ni-relay po namin ito sa NTC – ay ang YouTube po mismo ay nag-volunteer na automatically iyong bandwidth na ginagamit from high-definition, magde-default po siya sa standard definition para ito na rin iyong isang paraan ng YouTube na makatulong doon sa lahat para makabawas din sa konsumo ng bandwidth sa internet dahil lalung-lalo na ngayon na marami tayong nagwo-work from home, marami tayong mga estudyante na they're all doing online learning, kailangan magtulung-tulong tayo, magbayanihan tayo at we're doing our part para makabawas din kami doon sa nako-consume na bandwidth.

**SEC. ANDANAR:** Matagal ka na, Yves, sa larangan ng communications, hindi ka pa abogado nasa communications ka na. Naging abogado ka, you went to MMDA tapos—and then you joined advertising companies. Anong nakita mo sa panahong ito, itong panahon ng COVID-19? Anong pagkakaiba nito sa mga krisis na pinagdaanan mo as a communications expert?

**ATTY. GONZALEZ:** I think, ang unique po ngayon sa sitwasyon natin ay talagang we have never had a moment na ganito po, na lahat tayo nasa bahay at—actually, ang maganda nga pong nakita ko ngayon ay talagang nagtutulungan ang taong-bayan, most from the level of mga villages na nalalaman mo na iyong kapit-bahay mo pala ay puwede mo palang bilhan ng bigas at iyong isang kapit-bahay mo pala puwede mo palang bilhan ng itlog.

But at the same time, even in a societal level na talagang everyone is helping. Makikita naman po natin iyong mga private companies, iyong mga NGOs, iyong mga volunteers, talaga pong nagtutulung-tulungan. So, it's very optimistic at very [garbled] na malaki po iyong hinaharap natin pero nakikita po talaga natin iyong parang twenty first century, 2020 na bayanihan spirit ng Filipinos.

**SEC. ANDANAR:** Thank you so much for your time, Attorney Yves Gonzalez and we certainly hope to continue to work with you even after this COVID-19 crisis. Mayroon po tayong post-COVID-19: The rebuilding of our country. Thank you, Yves! Mabuhay ka!

**ATTY. GONZALEZ:** Thank you, Sec.

**SEC. ANDANAR:** Ang Viber naman ay tila nagiging karibal na rin sa tawag at text na kinasanayan na natin. Pinauso nila iyong mga Viber groups, Viber chats at sila na marahil ang

isang malaking dahilan sa paglaganap ng balita, mga video, mga patawa, at kung anu-ano pa. Via Zoom po naman ay makakasama natin ang dalawang executives ng Rakuten Viber. Si Anubhav Nayyak, ang Senior Business Development Manager ng Viber mula sa Singapore at si Veronica Feleo, ang Business Development Manager dito sa Pilipinas ng Viber. Welcome to the show, Anubhav and Veronica.

**MR. NAYYAK:** Thank you. Thank you, Secretary Martin.

**MS. FELEO:** Thank you... Welcome.

**SEC. ANDANAR:** So, the first question. Veronica, base sa kanilang nakalap na data—sa inyong nakalap na data, ano ang trending sa mga Pinoy ngayon sa panahon ng COVID at quarantine? And I will say this in English so that Anubhav can also understand. What are the current trends that the Filipinos follow specifically... specially in your platform, Viber? Anubhav?

**MR. NAYYAK:** So, I guess there are two areas that we want to talk about. Number one, people are right now looking for places where they can get authentic and trustworthy information and they have seen a lot of traffic on a lot of people using the communities feature today in Viber.

I'll ask Veronica to elaborate a bit more about it but on top of communities, what we have also seen is that the fact that people are today staying—working from home, are at home, are also using Viber to connect with their friends and family.

So, a couple of examples would be... that our daily—our regular usage rather, has on its byte 35% in just the last ten days. Things like our regular calling, the regular messaging has actually doubled in this period of time, telling that Filipinos are really communicating and spending a lot of time on our service.

**SEC. ANDANAR:** Veronica?

**MS. FELEO:** Kagaya nga po ng sabi ni Anubhav, ang interesting din po na karamihan—parami nang parami sa mga Filipino ang gumagamit ng iba't-ibang features on Viber. So, interesting din to note than other than iyong mga personal, like for example iyong one to one chats natin, video calls natin, dumadami din iyong gumagamit ng tinatawag nating group features.

Sa group features naman po, mayroon tayong group calls, ibig sabihin, kahit more than iyong kausap mo on Viber, puwede. Actually, with group calls, you can talk to up to twenty people and that one po it's a recent development on our side kasi po ito po iyong hinihingi ng aming mga subscribers din.

Other than group calls, mayroon din po tayong tinatawag na communities which is basically a messaging group. And what's great about communities or that nakikita natin iyong pagbabayanihan or pagtutulungan ng mga kapwa Filipino. So, for example po, marami tayong mga nakikitang user-generated communities like mayroon tayong mga community ng QC residents kung saan iyong mga taga-QC ay nagbibigay ng impormasyon sa isa't-isa kung saan puwedeng bumili ng pagkain, ano iyong mga bukas na establishment.

Other communities din po mayroon din naman po tayong tinatawag na verified communities kagaya na lang po noong DOH community that I think was discussed in a previous discussion.

**SEC. ANDANAR:** Okay. I have with me right now, Veronica and Anubhav, my cellphone and my Viber application. So, how do I do the group call? Do I have to buy a Viber out credit? Kailangan bang bumili ng credit dito or does it come-for-free?

**MS. FELEO:** It's actually free po, so what do you have to do is just to select the contacts you want to be included in the group call.

**SEC. ANDANAR:** Alright. So, I have—Okay. Perhaps next time when we do this let's try the group call. Is it also video or is it just audio?

**MS. FELEO:** It's just an audio.

**MR. NAYYAK:** Yes, from now we've opened it up only in audio but as time passes we will be also introducing video for group.

**SEC. ANDANAR:** Definitely we can also use audio here because we are being listened over our radio station, Radyo Pilipinas 1 and at the same time we're being viewed over our state television, PTV. Now, ano ang mga serbisyo ng Viber na maaaring mapakinabangan ng mga Pinoy sa panahon ng COVID at quarantine? Again, in English, what is the best or perhaps the optimal service that Filipinos can make the most out of Viber during this time of Enhanced Community Quarantine or lockdown in Luzon?

**MR. NAYYAK:** Two initiatives that I would want to talk about. One is our partnership with the World Health Organization and second is what we are doing along with DOH, Department of Health in the Philippines. I think one of the most important facts on top of everything that Viber does which is connecting with your love ones, family, etc., is the need for having trustworthy information. Information that is not rumors, that is not created for panic but a place where if I look at that information, I can completely rely on it. And that's what the Department of Health is doing today on Viber – it is publishing...

Just note it, we are also going to be introducing a chatbot and perhaps, Veronica, you want to speak a bit about that?

**MS. FELEO:** So, sa panahon po ng krisis mayroong dalawang layunin si Viber: One is of course, to help – as Anubhav mentioned – to help people stay informed. And how we are doing that is of course via the verified 'communities', which is something that we have today with DOH. As mentioned din po, si DOH is sending fact check updates and kumbaga, dito niya rin naca-callout iyong mga fake news.

Also on DOH, maglalabas din po tayo ng chatbot and doon po sa chatbot it's going to be in the local language, so magiging Tagalog po ito and, ang kagandahan dito is puwede nating i-self-assessed ang ating mga sarili para ma-determine if tayo po ay PUM or PUI.

Other than keeping people informed, one other objective on our side is of course, to help people stay positive. Sa pagiging positive naman po definitely maraming features si Viber that allows our fellow Filipinos to keep in touch doon sa kanilang mga mahal sa buhay wherever they may be – that’s one.

And on our side, mayroon po kaming mga inilabas na initiatives. For example, we have a couple of iyong tinatawag naming Viber stickers. Mayroon po kaming Viber stickers specific to COVID-19 na essentially mayroon siyang tips. So, for example in the sticker pack mayroong 20-second handwashing rule, social distancing pleas but all done in a very colorful and light manner. So, these stickers puwede po natin siyang gamitin on our everyday conversations and i-send sa mga kausap natin on Viber just to really remind them to stay safe and observe social distancing.

One other sticker pack we came up with in time for Easter is mayroon din po kaming Easter sticker pack. Iyong kagandahan naman po noon is when users download it they can play a mini game where they can win prizes from our partners all in the comforts of their home.

**SEC. ANDANAR:** Perhaps we can also wish we can introduce what you have introduced to the Department of Health, to the Department of Social Welfare and Development. The DSWD, the welfare department’s role right now is very important. It’s key to the success of our Enhanced Community Quarantine. This is the Department that is leading the way in terms of giving social amelioration or social help to our countrymen. Papaano natin ito puwedeng gawin, how can we do this, Anubhav?

**MR. NAYYAK:** This is so important. And we realized as an organization that it’s our responsibility to ensure that we are helping people or helping people reach the right message at the right time. And we have actually seen that working with the local government and local bodies is always far, far, far more effective.

So, we’ll be very happy to partner with any organization and try every way possible to help the people. Even with our work with the Department of Health, we’ve also looked at remotely and aggressively from our site trying to communicate and use our own assets to make people follow and make people subscribe to these communities.

So, like what we’ve done for the Department of Health, I, personally, will be very—I personally want to do any partnership that we can with the Department of Social Welfare as you’ve mentioned or any other such organization.

**SEC. ANDANAR:** Personally, I use Viber, I use it with my family, my extended family, my family abroad and it’s very easy to use application, actually it’s very convenient. How can we do this, Veronica? Papaano natin halimbawa, ma-improve pa itong Presidential Communications Viber group? Papaano natin magagamit iyong aming COVID-19.gov.ph na website kung saan mayroon kaming dismiss disinformation na page doon? How can we link this to Viber? How can we use this information to our group chat?

**MS. FELEO:** Ang puwede po nating gawin is, definitely puwede po tayong gumawa noong community and ang gagawin din po is verified ang community since trusted po ang source and verified ang source natin. Other than the community, puwede rin po natin i-explore, gumawa ng chatbot. So, the good thing naman po about chatbot is that it feels very interactive, very conversational. So, kumbaga kung mayroon tayong mga certain questions na gusto nating i-address or in particular, gusto nating i-correct, one of the better avenues to do that is via chatbot para mali-lead talaga natin si user to the right answer.

**SEC. ANDANAR:** Yes, perhaps we can have a very good partnership – Viber and the Presidential Communications Operations Office. We have a robust social media presence on Facebook and also we have good websites, we have the TV stations, we have the radio station, we do have presence on Viber but it needs to be strengthened. So, maybe our team and your team can talk after this conversation or perhaps after this Holy Week and we can get down to work.

Thank you so much for your time, Anubhav Nayyar, senior director of business development of Rakuten Viber and thank you also, Veronica Feleo, the business development manager of Rakuten Viber here in the Philippines. And have a very Holy Week, have a very prayerful Holy Week and please stay at home as well.

**MR. NAYYAK:** Thank you for having us.

**MS. FELEO:** Thank you so much.

**SEC. ANDANAR:** Kasama po natin si Atty. Yves Gonzalez, ang public affairs head ng Google dito po sa Pilipinas. Kasama din po natin si Anubhav Nayyar, ang senior business development manager ng Viber at si Veronica Feleo, business development manager ng Viber dito po sa Pilipinas.

Paulit-ulit po nating sinasabi na ang simpleng pagsunod ninyo sa mga patakaran habang tayo ay nasa Enhanced Community Quarantine ay malaking bagay para masugpo ang COVID-19 at makabangon na tayo agad. Manatili po tayo sa ating mga bahay kasama ang pamilya at isipin natin na sa pagsunod natin sa patakarang iyan ay makakauwi na rin sa kanilang pamilya ang mga frontliners na ilang linggo na rin na nakikipagbuno laban sa COVID-19.

Let us all do our share. Lumabas lang ng bahay kung kinakailangan. Ito po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar at ito ang Cabinet Report sa Teleradyo, a COVID-19 special.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)